

# 1

“This is preposterous! Nakuha ko ang kompanyang ’to nang dahil sa sarili kong pag—”

“Excuse me, I don’t mean to be rude but I gotta say this; Years ago, you’re a hair away from bullying my mom into marrying you as payment for my father’s debt, my dad who had just died during that time. At huwag nating kalimutan ang tahimik mong pagsabotahe sa lahat para mapilitan ang mga shareholders na ibenta sa ’yo ang shares nila.” Walang emosyong sinalubong ni Dale ang tingin ng matandang lalaki na biglang naglumikot ang mga mata nang dahil sa binanggit niya.

“Saan mo nakuha ang kalokohang ’yan?” tanong nito nang makabawi.

“Right out of your mouth, Mr. Alvarez,” walang kurap at derecho niyang sagot, kalmado ang boses. “I was twelve years old at the time. Hindi mo ba naaalala ang batang lalaking nakaupo sa tabi ni Darla?” tukoy niya sa ina. “My mother was begging you then for a little more time to raise the money that my father owed you. Naaalala mo na ba, Mr. Alvarez?” udyok niya. “Do you remember how you

demanded your rights in *our* company dahil lang may utang kami sa 'yo noon?"

Tumigas ang mukha ng matanda. "*Alvarez Transport* is now very successful because of me! At wala ka ni katiting na karapatan para puwersahin akong magbenta ng shares sa 'yo." Mariin ang pagkakabitw nito sa bawat kataga.

Malumanay siyang ngumiti at bumuntong-hininga. "True. And it's not as if I'm getting those shares for free. I'm offering you a very generous amount of money kapalit ng five percent na bahagi sa kompanya mo. It's not a bad offer."

"At saan ka nakakuha ng ganoon kalaking halaga? The last time I saw your mother, she was dirt poor. At heto ka ngayon, bigla na lang susulpot na animo kung sino."

Sa kabila ng pait na dumaaan sa lalamunan ni Dale sa binitiwang salita ng matanda ay nagawa pa rin niyang kalmadong ngumiti. "What business I do outside this meeting is not your concern. I am not asking a favor from you, I am *telling* you to sell me five percent of the company."

Nang-iinsulto itong ngumisi. "At sinasabi ko sa 'yo, hindi ako nagbebenta ng shares."

“I don’t—”

“Daddy!”

Natuloy sa paglunok ang naudlot na sasabihin ni Dale nang putulin iyon ng boses ng isang babae. Hindi niya nilingon ang pintuan ng opisina ni Julio Alvarez kung saan nanggaling ang boses. Sa halip ay namulsa siya, itinutok ang paningin sa salaming bintana at pasensyosong hinintay na matapos ang usapan ng dalawa.

“Sweetheart, ano’ng ginagawa mo dito?” Halatang hindi inaasahan ni Julio ang pagdating ng anak nito.

“Nasa *Starbucks* ako kanina with Mia. ‘Yung *Starbucks* makatawid nitong building, so I thought I’d drop by. Nakakaistorbo ba ako?” Lumiit ang boses ng babae na tila nahiya.

“I’m in a meeting, Cheyenne,” alanganing pagkumpirma ng ama nito.

Tipid siyang ngumiti at nilingon na ang babae. He had always been polite. At kabastusan ang hindi man lang niya ito lingunin.

“It’s all right, I was leaving anyway,” aniyang mabilis ding ibinalik ang paningin sa matanda. “I’ll

call you, Mr. Alvarez.”

Matigas na tango lang sagot nito.

Muli ay nilingon niya ang dalagang nakatitig sa kanya. Bahagya siyang yumukod. “Miss Alvarez.” At tuluyan na niyang nilisan ang opisinang iyon.

---

“Sino ’yon, Dad?” curious na tanong ni Cheyenne sa ama nang makitang tuluyan nang umalis ang bisita.

“Don’t mind him, Hija,” pag-dismiss kaagad nito. “Let’s have dinner at your favorite restaurant. Gusto mo ba iyon?”

Nanatili ang paningin niya sa bulto ng lalaking nakikita pa rin niya sa glass wall ng opisina ng ama—a tall lean figure walking away with grace and authority. The stranger’s coal-black eyes and hard-angled face remained etched on her mind.

Nanatili ang epekto nito sa kanyang kaibuturan: ang abnormal na pagtibok ng kanyang puso, ang paghaplos ng kakaibang damdamin sa buo niyang pagkatao. Hindi pa niya iyon malagyan ng pangalan pero alam niyang hindi pa niya iyon nararamdaman sa tanang buhay niya.

“Sweetheart,” untag ng ama.

Napalingon siya rito—a man nearing his sixties. Her father’s looks mirrored his age, but his mind was still sharp. Magaling at makapangyarihang businessman, iyon ang kanyang ama.

“Yes, Dad?”

Malambing itong ngumiti sa kanya at lumapit. Sinapo nito ng dalawang palad ang kanyang mga pisngi.

“Tinatanong kita kung gusto mong mag-dinner sa paborito mong restaurant. I’m done with my last appointment for today.”

Nagliwanag ang mukhang sinipat niya ang suot na wrist watch. Mag-a-alas cinco pa lang ng hapon at tamang-tama iyon para makapag-drive pa sila patungong Tagaytay. She loved bulalo. At hindi niya alam kung biased lang siya, pero naniniwala siyang pinakamasarap ang bulalo kung sa Tagaytay mismo niluto.

“Yes, Dad, I would love that.”

Hindi nagtagal ay nasa sasakyan na sila ng kanyang ama at ipinagmamaneho ng driver nito. Habang nasa biyahe ay panay ang kuwento niya

rito tungkol sa nangyari sa kanya buong araw. Hindi iyon dahil madaldal siya, kundi dahil natutuwa siya sa tuwing nakikita na nagre-relax ang madalas ay pagod nitong aura nang dahil sa trabaho.

“...And I told Mia that I don’t date clients, or potential clients for that matter. Well, she already knows that. Sinabi niya na sinubukan lang niya dahil this potential client pays very well and is very rich. I don’t like to be a hypocrite naman.” She giggled. “So... I did check him out.”

Nangingiting tumaas ang dalawang kilay ng kanyang ama. “At ano ang nakita mo?”

Bumuntong-hininga siya. “I searched for him on *Facebook*. His name is Nazer Dadula. He is so... well, he’s not ugly. But he looks about forty! ’Tapos nakakatakot ’yung aura niya. I don’t know. I mean, you’d think he’s decent, right? But there’s something sleazy about him. He’s dark and big and has really mean eyes! Ugh, hindi ko kayang makipag-date sa kanya.” Umikot ang mga mata niya. “I can’t believe Mia thought I’d make exception. Maiintindihan ko kung kamukha niya sa Brad Pitt, pero...” Tuluyan na siyang napangiwi at napahalakhak ang kanyang daddy.

Pinisil nito ang kanyang baba. “Don’t ever force

yourself if it isn't love, Cheyenne.”

Malapad siyang ngumiti at sinalubong ang titig nito. “Promise, I won't.”

“At kung nahihirapan kang maghanap ng kliyente sa interior designing business mo, I could always help you. And if that's not enough, you know a position is always waiting for you in our company. Alam mo na 'yan noon pa, hindi ba?”

“Yes, Dad. Pero alam mong hindi iyan ang linya ko. And thanks for supporting me and giving me time to enjoy what I love doing. Alam kong kailangan ko ng background sa pagpapatakbo ng kompanya mo soon...” Nag-iisang anak siya at wala silang choice. Sa malao't madali ay kailangan nitong ipasa ang pangangasiwa sa *Alvarez Transport*. Pero para kay Cheyenne, mas gusto niyang later kaysa sooner.

“Just remember that everything I do, Baby, is for you. Okay?”

Inabot niya ang ama at matunog na hinalikan sa pisngi, pagkatapos ay sumandal sa dibdib nito.

“Yes, Dad. And remember that I love you.” Ipinikit niya ang mga mata at ninamnam ang mga salitang sinabi.

“I love you too, Sweetheart.”

---

“Bagong kliyente?” ulit ni Dale sa sinabi ni Conrad Mason sa telepono. Matagal na niya itong kaibigan.

“Yes. It’s not a big deal, Dale. I know the guy.”

“I’ll be needing a full profile, Conrad.” Kalmado ang boses niya pero alam niyang narinig ni Conrad ang hesitasyon doon.

“It has been twenty years since you’ve met me, Dale, and you still don’t trust me.” May hinanakit sa boses ng matanda.

“I trust you, Conrad, you know that. It’s the people around you I don’t trust. And forgive me for saying this, but I do not trust your judgment.”

Imbis na ma-offend ay narinig niya ang pagtawag ng lalaki sa kabilang linya. “I was right about you though.”

“Hindi pa natin ’yan alam,” walang emosyon niyang sagot habang nakapamulsa. Ang mga mata niya ay nakatutok sa mga nagsisipagtaasang gusali na tanaw niya mula sa glass door ng kanyang veranda. He was on the thirty-eighth floor of a popular condotel



in Makati.

“A twelve-year old boy stealing barbecue. I can still hear your stomach grumbling, Lancelot.”

“Please don’t call me that.” Hindi na niya mabilang kung ilang ulit na niya iyong ipinakiusap sa matanda pero hindi talaga siya nito pinakikinggan.

“How’s your mom, Lancelot?”

Napailing siya. “She’s all right, bibisitahin ko siya bukas.”

“Ano ang s’abi ng mga doktor?”

“Just continue with the chemo and hopefully it’ll get rid of all the cancer cells. She’s very weak though.”

“I still don’t understand kung bakit hindi mo pa ipinapaalam sa mama mo na may pera ka na.”

“I’m working on that. Hindi ko na kailangang ipaalala sa ’yo ang uri ng trabaho natin. It will make her miserable to know that we deal guns for goons and gangsters. That will not help her recover.”

Parang nakinita niya ang pagtutol sa mukha ng kausap. “Hindi na natin ’yan ginagawa, Dale. We deal guns in a legal fashion now, with papers and all those colorful bullshits.”

Mapait siyang ngumiti. “Kaya ka ngayon nagtatago, di ba?”

“Bahamas for a hiding place? Not bad! Huwag kang mag-alala sa akin, Dale. Matanda na ako pero masaya. It’s time for you to be happy, too.”

“You know what I need. Kailangan kong makapasok sa dati naming kompanya. Pag nakapasok na ako, mas madali nang makuha ang buong kontrol doon. And when I own the majority of the shares, only then will I tell Mom.” Malalim siyang bumuntong-hininga.

“What made you think your mom would be happy pag nagawa mo ’yan?”

Lumamlam ang paningin niya sa ngayon ay nagkukulay kahel nang kapaligiran. The sun was setting in the city and it was beautiful.

“I just know it.” Napatingala si Dale bago muling nagsalita. “I’ll wait for the papers, Conrad.”

Hindi na niya hinintay na magsalita pa ito at tinapos na ang tawag. Pagkatapos ay namulsa siya at inalala ang nakalipas. Ang rason kung bakit alam niyang matutuwa ang kanyang ina kapag nakapasok siya sa *Alvarez Transport* which was known before as *Eleanor Shipping*....

*“Patawarin mo ako, Lancelot,” lumuluhang pakiusap ng kanyang ina.*

*Nakatingala si Dale sa ina, malaki ang tangkad nito sa kanya pero nang mga oras na iyon, sa paningin niya ay napakaliit nito. He’d never seen her mother so fragile and so weak. Kaaalis lang ni Julio Alvarez, taking with him the papers that proved his full ownership of their company. Hindi siya kumibo, masama ang loob niya. Labindalawang taong gulang pa lamang siya pero alam na niya ang nangyayari.*

*Kamamatay lang ng kanyang amang si Leon Matriano sa sakit sa puso. Pero bago pa man ito namatay ay kakarampot na lamang ang share nito sa Eleanor Shipping. There was a ghost investor in the company. Ang mga stockholders ay isa-isang nawala matapos ibenta sa di-kilalang tao ang mga shares.*

*Nang matuklasan iyon ng kanyang ama, saka naman ito inatake. He was declared dead on arrival.*

*Isa si Julio Alvarez sa mga stockholders ng kompanya. At kailan lang nalaman na ito pala ang ghost investor. To make matters worse, his father also owed Julio money.*

*Hindi nila alam kung paano iyon posible pero*

kumpleto si Alvarez sa mga papeles na nagpapatunay ng pagkakautang. *The man offered Darla marriage, and in exchange, kalilimutan nito ang utang ng kanyang ama.*

*Pero tumanggi ang kanyang ina. And that angered Dale. Nakita niya ang oras na ginugol ng ama sa kompanya. At basta lamang iyong pinakawalan ni Darla.*

*“Lancelot.” Lumuhod ang kanyang ina sa harap niya at hinawakan ang magkabila niyang balikat.*

*“You gave away the company,” mapang-akusa niyang saad.*

*Lumuluhang napakagat-labi ito. “Your father and I met each other on one of the motorboats from Batangas. We fell in love right there and then, Anak.”*

*Hindi siya kumibo. Masama ang loob niya sa pagkamatay ng ama at naiintindihan niyang nagluluksa pa rin ang ina. Pero hindi niya matanggap na ganoon na lang nito kadaling ipinaubaya ang pinaghirapan ng asawa gayong sinasabi nitong mahal na mahal nito ang kanyang ama.*

*Malungkot na ngumiti si Eleanor. “Isang araw lang sa isang linggo ang biyahe noon. Our love story was so beautiful na naisip namin na kung mas*

*madami ang biyahe sa isang linggo ay mas marami ang magkakaroon ng pagkakataong magkakilala katulad ng pagkakakilala namin. That, and the fact na nahihirapan ang mga tao sa dalang ng biyahe palabas. So we made it our goal to establish a shipping company, para na rin maalala ang istorya namin, at matulungan ang mga tao dito sa San Isidro.”*

*Tiim-bagang siyang sumagot, “Then why did you give the company to Mr. Alvarez? Why not just marry him?” Naluluha na rin siya sa pangungulila sa ama nang dahil sa kuwento ng balo.*

*Mapang-unawang hinaplos nito ang kanyang pisngi. “Lancelot, I know what I did was selfish. Ipinagkait ko sa ’yo ang magandang kinabukasan nang dahil sa ginawa ko. Pero ang kompanya ay simbolo lamang ng pagmamahalan namin ng daddy mo. Hindi ko maaatim na ibigay ang puso at buong pagkatao ko sa ibang tao. You,” Hinalikan siya nito sa noo, “and I are the two things that your father truly owned.”*

*Tuluyan nang bumuhos ang luhang kanina pa niya pinipigil. He never looked at it that way. Pero ngayong sinabi na iyon ng kanyang ina ay naliwanagan siya. Her mother loved the company, that was clear. But she chose to let it go out of respect for his father.*

*“I’m sorry, Mommy.”*

*Mahigpit siya nitong niyakap. "It will be very hard, Lancelot, since we have nothing anymore. But you will stick with me, right, Baby?"*

*Tumango siya, ipinapangako sa sariling darating ang panahon na babawiin niya ang simbolo ng pagmamahalan ng mga magulang. His parents loved each other too much for him to simply give up. Alam niyang walang pagsisisi ang ina sa ginawa nito, pero alam din niya kung anong ligaya ang madarama nito sa oras na maibalik sa kanila ang Eleanor Shipping. Sisiguraduhin niyang mangyayari iyon.*

---

Bumalik siya sa realidad nang maramdaman ang pag-vibrate ng cell phone sa kanyang bulsa. Kunot-noo niyang tiningnan ang caller at naalarma nang makitang number iyon ng ospital kung nasaan ang kanyang ina.

"Doc," sagot niya.

"Your mother is not responding to chemo anymore, Mr. Matriano."

Parang may pumigil sa kanyang pakawalan ang hininga. "What are you saying?"

"Her cancel cells are multiplying fast and the

treatment isn't helping her. I'm afraid there's nothing else we can do."

Tiim-bagang siyang muling nagsalita. "How long does she have?"

"I'd say six months, but we're never really sure with these things," sagot ni Dr. Medrano.

"Thank you, Doc."

The pain that crept through him was harsh and merciless but he remained calm.

*Life is hard and then you die*, sarkastiko niyang sabi sa isip.

Kung mawawala na sa kanya ang ina ay oras na para baguhin ang kanyang plano.

## 2

“Please naman, Cheyenne. Just one date, pagbigyan mo na at napapagod na ako sa kakukulit niya.” Kunsumido si Mia habang nakikiusap sa kanya.

Mula sa sketch na nasa mesa ay ibinaling niya ang tingin sa kaibigan. Ito rin ang kanyang assistant. “Mia, hindi pa tayo naghihikahos sa kliyente para umarte kang desperado. We are doing fine. Kung ayaw niyang kuhanin ang services natin, then leave him be!”

“It’s the other way around! Ayaw niya tayong tantanan. Nangako pa siyang dodoblehin ang bayad, makipag-date ka lang sa kanya. Hindi business ang dahilan kung bakit kita pinipilit, Chey. He is calling me nonstop! Okay lang ’yung tawag, eh. Ang malala, pumupunta pa siya dito madalas sa office at pagkadaming mukhang goons na kasama.” Umikot ang mga mata nito. “Buti na lang at may mga projects kang inaasikaso tuwing pumupunta siya dito kaya di kayo nagpapang-abot. Malalaman mo sana kung gaano siya kakulit.”

Napatingala siya. “When’s the last time he contacted you?”



“Kanina lang ay nag-text siya, hindi ko sinagot. But the last time we talked was two days ago,” kunsumido nitong sagot. “Obsessed ’ata ’to sa ’yo, eh.”

Bumuntong-hininga si Cheyenne. “Okay, I’ll meet with him kung bumalik ulit siya dito. Maybe it’s time I make it clear to him na nakakaabala na siya.”

Nakahinga nang maluwag si Mia at humandusay sa pagkakaupo sa harap ng kanyang desk. “Thank you! At kung hindi pa rin siya tumigil after ninyong lumabas, i-report na natin sa pulis.”

Natawa siya at sinimulan nang ligpitin ang mga gamit sa mesa. “I need to bring *these* to our client,” tukoy niya sa proposal na hawak.

“Sige. Good luck.”

“Call me if anything comes up.” Iyon lang at nagmamadali na niyang tinungo ang kotse na naka-park sa harap lang ng kanilang opisina.

Habang inaabot ang susi sa loob ng kanyang handbag ay nadama niyang nagsipagtayuan ang kanyang balahibo sa batok. On instinct, nilingon niya ang itim na sasakyang nakahinto sa kabilang kalsada. Kalahati lang ng bintana niyon ang nakataas at mata lamang ng driver ang kanyang nakikita. But it was enough to make her shiver.

Blangko ang ekspresyon ng lalaking nakatitig sa kanya. He didn't even flinch when she met his gaze. Sigurado siyang ito rin ang lalaking nakita niya kamakailan lang sa opisina ng ama. His familiar hair, tied at the back of his head in a small ponytail, and his eyes which she briefly saw that other time proved that this was the same man.

What was he doing there? And why was he looking at her?

Nakita na lamang niyang dahan-dahang tumaas ang bintana ng sasakyan at ang mabagal na pagmaniobra nito papalayo. Napaigtad pa siya nang mapagtantong nakatitig pa rin siya sa bakanteng espasyo kung saan naroon ang sasakyan nito kanina. She exhaled sharply and then shrugged before going inside her own car. Baka nagkataong may pinuntahan lang doon ang lalaki kanina.

Hindi mapakali si Cheyenne habang nagmamaneho. Madalas niya iyong nararamdaman kapag may hindi magandang mangyayari. Isa pang nakaka-distract sa kanya ay ang lalaking nakita kanina. Anumang pilit niyang gawin, ay hindi ito maalis-alis sa isip niya.

Blangko ang mga mata nito, pero may kung anong tila nasa likod ng mga iyon, parang panaginip

na malabong bumabalik sa kanyang gunita.

Para siyang ibinagsak sa realidad nang may humarang na itim na van sa unahan ng kotse niya.

*What the hell!*

Sinubukan niyang aninagin ang nasa loob ng van.

Saka pa lang siya kinabahan nang tatlong malalaking lalaki na pare-parehong naka-bonnet ang bumaba mula roon. Mabilis na ini-lock niya ang pinto ng kotse niya habang ramdam ang mabilis na paggapang ng takot sa kanyang sistema.

She could hear her heart beating. Her knees turned into jelly and her hands shook in panic.

Luminga-linga siya sa paligid at marahas na napamura nang makitang abandonado ang kalsada. Patungo siya sa bahay mismo ng kliyenteng nakatira sa isang papasikat pa lamang na subdivision. Napansin niyang madalang ang mga napapadaang sasakyan at tao sa lugar. Halos himatayin siya sa pagkabigla nang marinig ang katok sa kanyang bintana.

“Buksan mo ang pinto o babasagin namin ang salamin!” utos ng lalaking walang mukha.

“Ano’ng kailangan n’yo?” sa halip ay sigaw niya

at inabot ang wallet sa bag. “Kung kailangan n’yo ng pera sa inyo na ’to.” Iwinasiwas niya ang wallet.

“Buksan mo ang pinto!” ulit nito at sinenyasan ang kasama na may bitbit na mahabang tubo ng bakal na lumapit.

Hindi na niya alam kung ano ang gagawin. Nagtatalo ang isip niya kung bubuksan ang pinto o hahayaan na lamang ang mga ito na basagin iyon. Muli siyang nagpalinga-linga. Nang makitang nakaamba na ang lalaki para basagin ang salamin ay mabilis siyang sumigaw. “Bubuksan ko na!”

Nakita niya sa mga mata ng mga ito ang pagngisi. Nanginginig ang mga daliring ni-disable niya ang power lock. Awtomatikong pinagsisihan niya ang ginawa dahil ang sumunod niyang nalaman ay hinahatak na siya ng mga ito patungo sa van habang siya ay pilit na nagpupumiglas.

“Saan n’yo ako dadalhin?” sigaw niya habang pilit pa ring nanlalaban.

“Huwag kang malikot para hindi ka masaknan!” bulyaw ng lalaking may hawak sa kanya habang ang isa nitong kasamahan ay pumasok sa kanyang kotse. Mukhang ito ang magmamaneho niyon.

Napaigik siya nang pabalya siyang itulak ng

lalaki sa loob ng van. Napasubsob ang mukha niya sa isa sa mga upuan doon. Mabilis siyang bumangon para subukang lumabas pero agad nang nakapasok sa tabi niya ang nagtulak sa kanya. Isinara nito ang pinto. Sinimulan niyang pagsusuntukin ang lalaki.

“Saan n’yo ako dadalhin? Pakawalan n’yo ako!”

“Tumigil ka!”

Pero lalo lang siyang nag-panic nang maramdamang umandar na ang van. “Makukulong kayo sa ginagawa n’yo!” Sinubukan niyang buksan ang bintana sa tabi niya para sumigaw ng tulong pero napasigaw lang siya sa sakit dahil hinatak na ng kidnapper niya ang kanyang buhok at muli ay pabalya siyang ibinagsak sa upuan.

“Subukan mo pang maglumikot at makakatikim ka na!” Halata sa boses ng lalaki ang pagtitimpi.

Sa halip na tumigil ay tinadyakan niya ito sa mukha at sunud-sunod na pinagsasasampal. “Let me go, let me go!”

“Sinabing tumigil ka na!”

Isang mataginting na sampal ang dumapo sa kanyang pisngi at natigil siya sa panlalaban. Pakiramdam ni Cheyenne ay namanhid ang buo

niyang mukha sa ginawa nito.

“Ano ba ’yan!” singhal ng nagmamaneho. “Di ba sinabing huwag nating saktan ’yan? Ano ka ba?”

“Eh, nanlalaban, eh,” gigil na sagot ng katabi niya habang siya ay buong katawan na ang nanginginig.

Kung hindi pa siya napakagat-labi ay hindi pa niya mararamdaman ang sakit sa gilid ng kanyang bibig na pumutok sanhi ng natamong sampal.

“Itali mo!” utos ng nagmamaneho.

Nang itali nga siya ng lalaki ay hindi na siya nanlaban. Napakaikling sandali lang ng ginawa niyang pakikipagbuno pero ramdam na niya agad ang pamamaga ng kanyang mga braso at pananakit ng katawan. She had never been in a violent situation before.

Ilang oras din ang ibiniyahe nila bago sila humimpil sa harap ng isang napakalaking bahay. Kunot-noong sinipat niya mula sa bintana ang may dalawang palapag na mansion na gawa sa semento. Napipinturahan iyon ng abo at lahat ng edges ay itim. Dark gray glass panels covered the windows. Napapalibutan ng mga namumulaklak na halaman at mabababang palm trees ang mansion. The walls surrounding the house were made of stone and

was very high. Walang makakakita ng anumang nangyayari roon galing sa labas.

Who was her abductor?

Napapitlag siya nang buksan ng kidnapper ang pinto at hatakin siya papasok sa napakalaking pinto. The shiny floor tiles were polished to perfection. Sandali lang niyang nakita ang napakalawak na living room at ang mataas at kulay itim na hagdan na mayroon ding glass panels. Tuluy-tuloy sila sa isang kuwarto sa ibaba. Nang mabuksan iyon ay kinalas ng nagmaneho sa van ang kanyang tali at itinulak siya papasok. Hindi pa man niya naibabalik ang paningin sa mga ito ay malakas nang naisara ang pinto. Naiwan siyang litong-lito at takot na takot. She had no idea why she was there.

“Where is she?”

Napatayo siya nang maulinigan ang malamig ngunit malamyos na tinig. Bigla ulit ang pagragasa ng kaba sa kanyang dibdib. The voice was painfully familiar. Nanginginig ang mga tuhod na lumapit siya sa pinto at pinakinggan ang nangyayari sa labas.

“Nasa kuwarto, Sir,” anang lalaki na sigurado siyang ang sumampal sa kanya.

“Is she okay?”

Sandaling katahimikan bago, “O-opo, Sir. Medyo nasaktan lang ni Jun nang ’onti. Ang tapang—”

Napakunot-noo si Cheyenne nang wala na siyang narinig mula sa nagsasalita. At nanlaki ang kanyang mga mata nang marinig ang mabibilis na yabag papalapit sa pintong kinasasandalan niya. Mabilis siyang umatras at napaupo sa kama nang wala sa oras. Kasunod niyon ay ang pabalyang pagbukas ng pinto.

The world must have stopped when she recognized the man who opened the door and who was now in front of her.

Sleek hair tied in a ponytail. Impressive stature and physique. Dark, elegant suit. Emotionless eyes now full of contempt while looking at her face.

Napalunok siya habang hindi pa rin kumakalma ang nararamdamang pagkabigla.

She felt quite... at a loss.

“Y-you...” she choked.

Para namang noon lang ito nakabawi sa kung anumang nakapagpabigla rito. Tumayo nang tuwid ang lalaki at nagpakawala ng hininga. Iginala nito ang paningin sa kanyang katawan, sa mga braso, sa mga



binti. Nakita niya ang patagong panininingkit ng mga mata nito nang makita ang ngayon ay nangingitim nang marka ng mga kamay ng lalaking humawak sa kanya kanina.

Although the blank expression was back in his eyes, hindi nito naitago ang pagtiim ng bagang. Muli itong bumuntong-hininga bago tumalikod.

“Wait!” Mabilis siyang tumayo. Natigil din sa akmang paglabas ang lalaki. “What am I doing here? Bakit mo ako dinala dito? What do you want from me?” sunud-sunod niyang tanong.

Hindi siya nito nilingon nang magsalita. “We will talk later.” Iyon lang at tuluyan na itong lumabas.

---

Tuloy-tuloy si Dale sa bar. Hindi niya pinansin ang pagsunod sa kanya ng dalawa sa kanyang mga tauhan.

“Sir, pasensya na po. Hindi ko naman po—”

“Get out,” putol niya sa nagsalita at binuksan ang isa sa mga drawers. Agad niyang inabot ang first aid kit doon at ipinatong sa counter.

“Sir, di ko naman talaga nilakasan iyon, maarte—”

Muli ay naputol ang sasabihin nito nang malalaki ang hakbang na lapitan niya. Napaatras ito pero hawak na niya sa leeg at naibalya na sa dingding ng living room.

Alam niyang nahihirapan itong huminga sa higpit ng pagkakasakal niya. “Ang nag-iisang bagay na sinabi kong huwag mong gagawin ang eksaktong ginawa mo.”

“S-sorry po, Sir!” hiras nitong saad.

Nakamata lang ang isa pa niyang tauhan.

Mas idiniin niya ang lalaki sa pader. Dapat ay umalis na ito nang sinabihan niyang umalis. He could feel his head heating up with anger nang dahil sa ginawa nito kay Cheyenne Marie Alvarez.

He was many things, but seeing a woman hurt and in pain always pressed his buttons. Nagliliyab ang mga matang pinakatitigan niya si Jun-Jun bago walang sabi-sabing binitiwang ito at bumuntong-hininga. Halos mapaluhod ito habang umuubong habol ang hininga. Inayos niya ang nagusot na suit at necktie bago muling humakbang pabalik sa bar counter.

“Get out, both of you.”

Tahimik na lumabas ang mga ito. Dinampot niya ang first aid kit. Kumuha rin siya ng ice pack sa mini fridge doon at kalmadong naglakad pabalik sa kinaroroonan ni Cheyenne.

---

Napaangat ang mukha ni Cheyenne sa kapapasok lang na lalaki. Walang babalang muling bumilis ang tibok ng kanyang puso pagkakakita rito.

“I am very sorry that you’re hurt, Miss Alvarez,” bungad nito sa mababa at malalim na boses. His sincerity was etched in every word.

“Who are you?” Nakita niyang inilapag nito ang maliit na box na dala sa bedside table bago siya hinarap.

“I am Dale Matriano,” simpleng pakilala ng lalaki at iniabot sa kanya ang hawak na ice pack. “Press it against your bruises para hindi masyadong mangitim.” Umabot ito ng upuan at naupo sa harap niya.

In an instant, a brusque, manly scent invaded her nostrils and despite the refreshing smell, she felt her blood heating up. Kakaiba ang init na gumapang sa katawan niya nang maamoy ito. Lalong lumala iyon nang mapagtanto niya ang distansya sa pagitan nila.

The man was so close she could clearly see the hard, handsome angles of his face. Chiseled jaw with day-old stubbles. His aquiline nose, kissable thin lips and raven-black eyes emphasized his manly appearance. Makapal ang mga kilay ng lalaki na kasing-itim ng buhok nitong nakatali.

She suddenly felt suffocated, with his seductive smell and overpowering aura. Napayuko siya at nakita ang mga kamay nitong may mahahabang daliri na naglalagay ng gamot sa mga galos niya sa braso.

His nails were immaculately clean... and manly like the rest of him. Hindi niya alam kung paanong bumulusok sa isip niya ang isang tagpo kung saan ang mga daliring iyon ay naglalakbay sa kanyang katawan—sa leeg, sa gitna ng kanyang dibdib at pababa pa. Circling her navel and then diving down her core.

Kagat-labing mabilis niyang iniangat ang kanyang paningin at nasalubong ang itim ngunit walang emosyon nitong mga mata. Ramdam niya ang pamumuo ng butil ng pawis sa kanyang sentido. She was feeling so hot in a shamefully undecent way.

“This is gonna hurt,” halos pabulong nitong saad.

She was disoriented though and had no idea

what he was talking about. Her heart jumped in delight when she saw his face lowering down onto hers.

Was he going to kiss her?

Nakita niya ang paglikot ng mga mata ng lalaki. Mula sa kanyang mga mata, patungo sa kanyang ilong, sa mga pisngi... at nanatili iyon sa kanyang mga labi. Sa pagkakataong iyon ay tuluyan nang tumulo ang pawis sa kanyang sentido pababa sa kanyang pisngi.

She closed her eyes, awaiting his kiss.

But what she felt was a light dab of cotton ball on the corner of her lips. It was so gentle it didn't even hurt.

Mabilis siyang napamulat.

“Does it still hurt?” anitong hindi inaalis ang paningin sa nakaawang niyang mga labi.

Tanga lang ang hindi makakapansin sa abnormal na pagtaas-baba ng kanyang dibdib nang dahil sa antisipasyong nauwi sa pagkapahiya.

Yet Dale remained fixed on treating her wounded lip. Kung sinasadya nitong ignorahin ang kanyang kilos ay hindi niya alam. She was still very much

affected by their closeness. Lord, he was only a few inches away from her and never in her life had she felt so alive in a womanly way.

She was mesmerized.

“Does it?” untag nito.

Wala sa sariling umiling siya, ang mga mata ay hindi maialis sa mga labi ng kaharap. Those delectable lips that promised sweet moans and delightful pleasure.

“Good,” anas nito at kinagat ang pang-ibabang labi bago nagpatuloy. “I don’t want you bruised when I return you to your father.”

Napapiksi si Cheyenne sa narinig, kasabay niyon ay ang pagbaha ng realisasyon sa kanya. What the hell was she doing drooling over her abductor? Panandaliang natabunan ang katotohanang iyon ng nakapanghihinang-tuhod na nararamdaman niya para sa lalaki. Ngayon lang ulit bumalik sa kanya kung paano siya napunta roon.

“Why am I here?” galit niyang tanong sa lalaki sa kabila ng naramdamang panliliit dahil sa kahiya-hiyang tinakbo ng kanyang isip.

Yumuko muna ito at bumuntong-hininga bago

*The Sweetest Abductor - Jade Anne Franco*

---

siya muling hinarap. “I am deeply sorry for having to kidnap you, Miss Alvarez. You will be my prisoner until your father gives me what I want.”

# 3

“Ano ang kailangan mo sa daddy ko?” matigas nang tanong ni Cheyenne kay Dale. Sa sinabi nito ay tuluyan nang nawala ang mahikang tila bumalot sa kanya kanina. She was now aware that she was in danger and that no matter how good-looking her abductor was, he was still very much the bad guy in this chapter of her life.

Niligpit ng lalaki ang mga ginamit sa paggamot sa kanya, tumayo at ibinalik sa harap ng maliit na desk ang upuan. Muli itong bumuntong-hininga na napansin niyang tila madalas nitong gawin.

The guy looked mighty and all but he appeared to have so much burden inside his chest. Malamlam ang mga mata nito nang lingunin siya. Parang nagsasabing hindi nito gusto ang ginagawa. Pero saglit lang iyon, agad ding nawala ang anumang emosyon sa mukha nito nang magsalita.

“I’m sorry for dragging you into this. The least I could do is be honest with you. Nag-offer ako sa daddy mo ng malaking halaga kapalit ng maliit na share sa *Alvarez Transport*. It’s a legal business move. I want to buy some stocks, but he’s not selling.



Nagmamadali na ako. I don't have any more time to sweet-talk him into agreeing.”

Anumang pagdadalawang-isip sa tunay na hangarin ng lalaki sa pag-kidnap sa kanya ay tuluyan nang nawala. Kahit papaano ay umasa siyang may malalim na rason sa ginawa nito—something more profound than money and business.

Mapait siyang napailing.

Dale Matriano was just one of the power-hungry bastards in the business world.

He was nothing like her father.

Sinalubong niya ang mataman nitong tingin.

“My cell phone is in my bag, give it to me. Tatawagan ko na si Dad. If you let me do that, hindi na ito makakarating sa mga pulis. At sigurado akong papayag kaagad siya na ibenta sa 'yo ang gusto mong share kapag nalaman niyang hawak mo ako.”

Mataman siya nitong tinitigan bago, “You don't want to do that, Miss Alvarez.” His voice was soft yet arrogant.

“You don't know what I want to do, Matriano,” balik niya. “Now I'm giving you a choice, let me call my father or rot in jail.” Alam niyang ibibigay ng ama

ang lahat para sa kapakanan niya.

Her heart skipped a bit when she heard a low chuckle from him. Para pang nanigas ang katawan niya nang umangat ang kamay nito at masuyong padaanin ang mga daliri sa kanyang pisngi. She felt paralyzed again. What the hell was this man doing to her?

“I’ll be the one giving options here, Miss Alvarez.” Marahan nitong pinisil ang kanyang baba saka walang babalang tumalikod. Bago nito inilapat pasara ang pinto ay muli itong nagsalita. “May pain relievers sa medicine kit. Take one. I’ll send someone here to bring some clothes for you.”

“Hey, wait! Hindi ako p’wedeng magtagal di...”

Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil naisara na nito ang pinto. Marahas siyang napabuga ng hangin at wala sa sariling naibato ang isa sa mga mini pillows sa pinto. She cursed inwardly when she realized she wasn’t scared. She was annoyed.

Hindi nagtagal ay may kumatok sa pinto ng kuwartong kinaroroonan niya. Gustong umikot ng mga mata ni Cheyenne. She was a prisoner, for Pete’s sake!

Why would anyone knock on a prisoner’s door?

Di ba dapat ay walang paalam lang na binubuksan ang *kulungan* niya? Pagkatapos ay walang awa siyang sasaktan, ito-torture? Something was terribly wrong here.

“The door is locked from the outside! I can’t open it, can I?” sarkastiko niyang sigaw at nangunot ang noo nang mabagal na sumungaw ang ulo ng isang matandang babae. “Sino ka?”

“Magandang gabi ho, Miss Alvarez.” Dahan-dahang pumasok ang babae na may tulak-tulak na bird cage trolley.

Naka-hang doon ang iba’t ibang damit. May kompletong toiletries sa isang bahagi. Nakasuot ng pangkatulong na uniporme ang matanda so it wasn’t hard to know her role in that place.

Mabait ang bukas ng mukha ng kasambahay. The old woman looked... motherly. Cheyenne ignored the familiar pain that she always experienced whenever she was reminded of a mother. She never had one.

“Ano ’yan?” Pinilit niyang gawing pormal ang boses. Ayaw niyang magmabait kahit iyon ang idinidikta ng kanyang puso at isip.

“Ipinadala po ni Sir Dale. Sa inyo daw po itong lahat.”

Saglit niyang binistahan ng tingin ang mga house dresses na naroon. May ilang shorts and baby tees. There was a big pink paperbag na may label ng isang sikat na underwear store.

“Where is he?” sa halip ay tanong niya.

Mabait na ngumiti ang matanda. “Nasa opisina niya po, katabi lang ng kuwartong ito. Papalabas na rin po iyon dahil handa na ang hapunan. Ipinapasabi niyang maghanda na raw kayo at sasaluhan n’yo siya.”

Hindi nakaligtas sa kanya ang pagkislap ng mga mata nito at ang parang teenager na pagkagat-labi na parang kinikilig.

“What’s funny?” hindi niya napigilang itanong.

Lumingon muna sa pinto ang katulong na para bang sinisigurong walang makakarinig sa isasagot nito bago siya muling hinarap. “Ngayon lang kasi tumanggap ng bisita ang batang iyon dito. At napakasaya kong napadpad ulit siya sa bahay niyang ’to. Magtatatlong buwan na rin mula nang huli siyang napunta dito.”

Walang kaide-ideya ang katulong sa tunay na dahilan ng presensya niya sa lugar na iyon, napagtanto ni Cheyenne. Napansin din niyang hindi maikakaila

ang fondness sa tinig nito habang nagkukuwento tungkol sa lalaki. Gusto niyang mapait na ngumiti, malinaw na hindi alam ng babae ang tunay na kulay ng amo nito.

Hindi kaya ito nagtaka kung bakit naka-lock ang pinto mula sa labas?

And she may be a prisoner there, pero ayaw na niyang bigyan pa ng problema ang matanda. She decided not to tell the old lady the real reason why she was there. Sa halip ay may iba siyang naisip. Totoo ang ngiting sumilay sa kanyang mga labi.

“Hindi pa ako nakakapag-ikot sa bahay niya. Okay lang bang tumingin-tingin sa loob ng bahay?”

Sandaling tila nag-alangan ang katulong. Halatang hindi pa ito lubusang nakakausap ng amo. “K-kayo po ang bahala.”

Muli siyang ngumiti. “Salamat. Mag-aayos lang ako at lalabas na ako.”

“Sige po. Paglabas n’yo ng kuwarto, may malaking divider sa living room. Kumanan lang kayo at naroon ang dining room. Naroon din ako kapag may kailangan kayo.”

“Sige...”

Siya na mismo ang nagbukas ng pinto at inihatid ng tingin ang matanda hanggang sa makalayo ito. Siniguro niyang walang ibang tao sa paligid nang humakbang siya papalabas ng kuwarto. Nakita niya kaagad ang pintong pinasukan nila kanina. Tahimik siyang naglakad-takbo papunta roon. Gusto niyang magdiwang nang matuklasang hindi iyon nakakandado. She stepped outside and was pleased to see that no one was there. Medyo madilim ang mahabang pathway patungo sa main gate pero ikinatuwa niya iyon.

Mabilis siyang tumakbo palapit sa gate. Humihingal na siya nang abutin ang handle ng malaking gate at parang lalo siyang kinapos ng hininga nang makitang naka-power lock iyon maliban pa sa napakalaking padlock na nakakabit sa side door ng gate. She knew it was too easy.

Pero naroon na siya at gusto niyang ipamukha sa lalaking kumidnap sa kanya na walang kabuluhan ang ginawa nito. That he was lame and she could easily escape from him.

Tiningala niya ang higanteng gate. Sa tanang buhay niya ay hindi pa siya nakakaakyat sa kahit na ano. She was too gutless to even try wall climbing. Pero ipinagwalang-bahala niya iyon. She was only

a wall away from freedom and she couldn't wait to laugh at this silly experience.

And then she'd say to his face: *Matriano, you're pathetic.*

Walang pagpipiliang inililis niya ang suot na palda para mas madali siyang makaakyat. Nag-umpisa siyang mangunyapit sa mga nakabalibag na tabla na bumubuo sa mabigat na gate. Nagsimulang manginig sa nerbyos ang kanyang katawan nang tuluyang umangat sa lupa ang kanyang mga paa. Nilakasan na lang niya ang loob. Iniiwasang tumingin sa ibaba na nagpatuloy siya sa pag-akyat. Pasalamat na lamang siya at sakto ang pagkakayari ng gate na may maaapakan at mahahawakan siya habang umaakyat. Hindi nagtagal ay nasa tuktok na siya, kita na niya ang kalsada sa labas. Madilim ang kalsada at tanging mga poste ng ilaw na napakadalang ang nagsisilbing ilaw roon. Wala man lang dumaraang sasakyan at ni ugong ay wala siyang naririnig.

Her face hardened. Wala siyang pakialam. Tatakbo siya hanggang umaga kung kinakailangan, makarating lang sa main road.

Dahan-dahan, inilipat niya ang isang binti sa kabilang panig ng gate at napalunok siya nang mapagtantong walang maaaring tapakan sa panig na

iyon. From outside, the gate was smooth and flawless. At sa taas ng gate ay siguradong mababalian siya ng buto kapag tumalon siya.

Desperate she may be, suicidal she was not.

“Shit!” pabulong niyang mura, at parang nalula siya nang ibalik sa loob ang tingin at makita kung gaano kataas ang kanyang inakyat. Sa tingin ni Cheyenne ay hindi rin niya kakayananing bumaba gamit ang mga inapakan niya kanina.

“Having trouble?”

Muntik na siyang mahulog nang marinig ang boses na iyon. Sindak niyang tinitigan si Dale na nakatayo dalawang metro mula sa gate. Nakasukok ang dalawang kamay nito sa bulsa, nakatingala sa kinaroroonan niya. Daig pa niya ang specimen na masusing pinag-aaralan nito.

Kung hindi lang siya takot sa sakit ay tumalon na siya sa kabilang panig ng gate ng dahil sa kahiya-hiyang sitwasyon. She knew her underwear was exposed and if there was one thing she was thankful for, Dale was deliberately avoiding looking at her lacy bikini.

Nangangalay na ang mga binti niya at pagod na rin ang kanyang mga kamay sa pangungunyapit.



“I just wanna go home,” nanginginig niyang sabi. She knew it was childish. Alam niyang hindi siya pakakawalan nito. Pero gusto pa rin niyang sabihin iyon.

An endearing smile graced his hard-angled face and for a while there, she thought her heart melted. Nasa taas siya ng higanteng gate ng bahay nito, nanganganib na mahulog, and yet she couldn't help staring at the man like a starstruck teenager.

But he was so handsome. The amount of manliness oozing from him should be illegal. He should be jailed for being so handsome. Ang mapupula nitong labi, itim na itim na mga mata. That cute, little ponytail on his nape.

“You will in time, Miss Alvarez,” he said softly and extended his hands. “Now, come down here before you hurt yourself.”

Napalunok siya. Why was he being so gentle? Ni wala siyang makitang galit sa mukha nito dahil sa pagtatangka niyang tumakas.

“Please let me call my dad.” Cheyenne knew she was pushing her luck.

Alam niyang ito ang may hawak ng buong sitwasyon at wala siya sa lugar para mag-demand ng

kahit na ano mula rito. He could put her in a smelly room and leave her to stink, pero hayun at may mga damit na naghihintay sa kanya sa isang malinis na kuwarto. She'd also been invited to join him for dinner.

Bumuntong-hininga ang lalaki. “Okay, I’ll let you call your father the moment your feet are on the ground again.”

“Promise?” Lumabas na iyon sa kanyang bibig bago pa niya napigilan.

“I promise,” he said gently and reached for her again.

Pinakatitigan niya ang palad nitong nakalahad sa kanya. May pakiramdam siyang oras na hawakan niya iyon ay tuluyan na siyang mawawala sa huwisyo. Those firm, steady hands looked so inviting. Hindi lamang ang pagliligtas sa kanya ang nakikita niyang kayang gawin ng mga iyon. Those hands were clearly capable of dragging her close to his body and bringing warmth to her soul.

*Damn!* Pasalamat na lang siya at hindi gaanong maliwanag sa lugar na iyon kung di ay tiyak na makikita nito ang pagkukulay-kamatis ng kanyang mukha.

Nanginginig na inabot niya ang kamay nito. Parang kidlat na derechong rumagasa sa kanya ang init ng palad nito. It shot right through her chest and exploded all over her body. Napalakas din ang kapit niya rito nang maramdaman niyang humigpit ang pagkakahawak nito sa kanyang palad. Ang sumunod niyang nalaman ay nakapalibot na sa kanyang baywang ang isang braso nito habang mahigpit pa ring hawak ang kanyang kamay. At katulad ng kanyang naisip, nang tuluyan siyang bumitiw ay sinalo siya ng matipuno nitong mga braso.

Her face was buried against Dale's chest. She smelled his fresh, manly scent that had become familiar by now. Nadagdagan pa iyon ng banayad na amoy ng fabric conditioner sa suot nito. Naghalo-halo iyon kasabay ng natural na amoy ng lalaki—a very potent combination of scents that had her thinking of mattresses and blankets, dimmed lights and erotic moans.

The indecent pulsing between her legs made her snap right back to reality. Mabilis siyang kumawala sa lalaki at ilang hakbang na napaatras. Her heart was ramming painfully against her chest. Never in her entire life had she thought of such wanton things. Tanging sa presensya ng lalaking ito na alam niyang hindi man lang siya titingnan kung hindi pa siya

kailangang kidnapin.

Why, halos hindi man lang siya pinansin nito noong unang nakita niya ito sa opisina ng daddy niya.

What the hell was wrong with her? Bakit ba apektado siya kay Dale Matriano?

“Are you okay?” Again, the expression on his face was blank but his firm voice was gentle.

Wala siyang maapuhap na sabihin kaya tumango na lamang siya.

Nakita niyang hinugot nito sa bulsa ang *iPhone* nito. “Sinabi ko na sa ’yo, hindi mo gugustuhing makausap ang daddy mo.”

Nangunot ang noo ni Cheyenne. “But you promised!” aniyang sa telepono nakapako ang tingin.

“I know I did, and I’m keeping that promise.” Pagkatapos ay nag-dial ito at inabot sa kanya ang telepono.

Mabilis niya iyong sinunggaban, sinigurong ang ama nga niya ang tinawagan nito bago inilapat ang aparato sa tainga.

“I already told you, Mr. Matriano, I am not selling!” Iyon ang bungad ng kanyang ama.

“D-Daddy...” mahina niyang anas.

Sandaling katahimikan muna ang namayani bago muling nagsalita ang kanyang ama. “C-Cheyenne?” She could hear the panic in his voice.

“Okay lang ako, Dad,” mabilis niyang pag-reassure dito. Ayaw niyang masyado itong mag-alala. “I just need you to let Mr. Matriano buy some of the shares. Iyon lang at papakawalan na niya ako. Hindi na ’to lalaki pa.” She could already imagine being in the comfort of her own room.

“Dad?” untag niya nang hindi ito kumibo.

“I’m here, Sweetheart,” mahina nitong sagot.

Dahan-dahang lumukob ang pag-aalinlangan sa kanyang dibdib. “You’ll do it for me, di ba, Dad?”

“Let me talk to him,” sa halip ay tugon nito.

Nag-init ang mga matang napaangat ang tingin niya sa lalaking kaharap. He was looking straight at her. Na para bang inaasahan na nito na hindi magiging madali ang pagkumbinsi sa kanyang ama.

“H-he wants to talk to you,” nanghihina niyang saad.

Pabuntong-hiningang kinuha nito ang telepono

sa kanyang kamay at hindi inaalis ang tingin sa kanyang kinausap ang nasa kabilang linya.

“Mr. Alvarez.” Sandali itong tumahimik.

Nanatiling nakapako ang paningin niya sa lalaki, naghihintay ng reaksyon sa mukha nito na magpapahiwatig ng magandang balita. Na ibibigay na rito ng ama ang gusto nito at makakauwi na siya. But she got nothing from his grim expression.

“Alam mong hindi ko siya sasaktan,” mayamaya ay pahayag nito. “Ikaw ang magdedesisyon kung hanggang kailan ko siya magiging bisita. But don’t take longer than a month, or my plan will change drastically.” Tumaas ang sulok ng mga labi ni Dale at pinanindigan siya ng balahibo nang dahil doon. Something about his sinister smile drained every bit of hope she had in her heart. “Very well...”

Nang makita niyang tatapusin na nito ang tawag ay mabilis siyang nagsalita. “Gusto ko pa siyang makausap.”

Nakita niya ang pagtiim ng bagang nito bago itinuloy ang pagpatay ng telepono at nagsalita, “I don’t think he wants to talk to you anymore. I’m sorry.”

Napanganga siya sa tinuran nito, hindi

makapaniwala. “W-what did he say?”

“He will be in contact.” Nakaiwas ang tingin nito sa kanya nang magsalita and she had a feeling he was lying.

“Ano ang totoo niyang sinabi?” pangungulit niya. Naramdaman niya ang pananakit ng lalamunan sa pagpipigil na maiyak.

Mataman muna siyang tinitigan ng lalaki na waring tinatantya kung kakayanin niya ang isasagot nito. Pagkatapos ay namulsa ito. “He said he’s not selling still.”